# Pentecost

## Ang Pagpapahayag kay Cristo sa Pamamagitan ng Kapangyarihan ng Banal na Espiritu

### WARM-UP

- Gumagawa ka ba ng listahan ng mga bagay na dapat mong gawin? Ano ang ginagawa mo kapag marami kang dapat tapusin?
- Alalahanin ang isang pagkakataong may tumulong sa iyo na buhatin ang isang mabigat na bagay. Ano ang naramdaman mo?
- May panahon ba na lumabas ka sa iyong komportableng kalagayan upang gawin ang isang bagay na hindi mo akalaing magagawa mo? Ikuwento kung ano ang nangyari.

### WORD

*[2]Sapagkat ipinasya ko na wala akong ipangangaral sa inyo kundi si Jesu-Cristo lang at ang kanyang pagkapako sa krus. [3]Pumunta ako riyan na may kahinaan, at nanginginig pa sa takot. [4]At nang mangaral ako sa inyo, hindi ako gumamit ng matatamis na pananalita batay sa karunungan ng tao upang kumbinsihin kayo. Sa halip, pinatunayan ng Banal na Espiritu ang aking pangangaral sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, [5]nang sa ganoon, hindi nakasalalay sa karunungan ng tao ang inyong pananampalataya kundi sa kapangyarihan ng Diyos.* **1 CORINTO 2:2–5**

Bago Niya pinagtagumpayan ang kamatayan, nagbigay si Jesus ng pangako na nagbigay ng kapanatagan sa Kanyang mga disipulo. Sinabi Niya na hindi sila mag-iisa sa pagsasagawa ng mga gawain sa Kanyang kaharian. Makakasama nila ang Banal na Espiritu. Noong Araw ng Pentecostes, natupad ang pangakong ito nang balutin sila ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ngayon, titingnan natin ang kahalagahan, kaparaanan, at bunga ng buong tapang na pagpapahayag ng mabuting balita tungkol sa sakripisyo ni Cristo.

## 1 Ang ebanghelyo ang pinakamahalagang aral.

*Sapagkat ipinasya ko na wala akong ipangangaral sa inyo kundi si Jesu-Cristo lang at ang kanyang pagkapako sa krus.*
**1 CORINTO 2:2**

*Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo'y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan.* **1 CORINTO 15:3**

Ang kaalaman tungkol sa layunin at kapangyarihan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo ay nagpapahintulot sa atin na makita ang lawak at lalim ng dakilang pag-ibig sa atin ng Diyos. Ipinapahayag ng Kanyang sakripisyo kung gaano tayo kahalaga sa Diyos—at ito rin ang dahilan kung bakit hindi maitatago ang kahalagahan ng mensahe ng krus. Ito ang ating pinaninindigan bilang mga Kristiyano; ito ang ating ipinapahayag. Naaalala mo pa ba ang unang pagkakataon na narinig mo ang ebanghelyo? Paano ito nakatulong sa iyo at naging daan sa pakikipagkasundo mo hindi lamang sa Diyos kundi maging sa ibang tao?

## 2 Ipinapahayag natin ang ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

*At nang mangaral ako sa inyo, hindi ako gumamit ng matatamis na pananalita batay sa karunungan ng tao upang kumbinsihin kayo. Sa halip, pinatunayan ng Banal na Espiritu ang aking pangangaral sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan . . .*
**1 CORINTO 2:4**

Sa sarili nating kakayahan, imposibleng ganap na maunawaan at maipahayag ang mabuting balita tungkol sa sakripisyo ni Cristo. Hindi tayo makakaasa sa sarili nating lakas o abilidad; ang ating kakayahan at kaalaman ay hindi sapat. Magagawa lamang nating makatulong sa iba at maibahagi sa mundo ang katotohanan ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Paano ka tinulungan ng Banal na Espiritu

sa pagpapahayag mo ng ebanghelyo? Paano ka nabigyan ng inspirasyon ng kaalaman na makakaasa ka sa kapangyarihan ng Diyos upang maipangaral mo ang ebanghelyo?

## 3 Habang ginagawa natin ito, ang pananampalataya ng mga tao ay sasalalay sa kapangyarihan ng Diyos.

*. . . nang sa ganoon, hindi nakasalalay sa karunungan ng tao ang inyong pananampalataya kundi sa kapangyarihan ng Diyos.*

**1 CORINTO 2:5**

Ang bunga ng pagpapakita at pagpapahayag ng ebanghelyo ay ang pag-asa ng tao sa Diyos at hindi sa sarili nilang karunungan o kapangyarihan. Ang ating mga kareka sa buhay, tagumpay, sariling pagsisikap, at sigasig sa pagtatrabaho ay hindi makapagliligtas sa atin. At ito ang ating ipinapahayag. Nais nating makitang nananampalataya ang mga tao kay Cristo lamang. Ayon sa 1 Corinto 15:2, ano ang dapat nating gawin sa salita ng Diyos na ipinangaral sa atin? Paano makatutulong ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang matulungan ang iba na manampalataya kay Cristo at mahigpit na kumapit sa ebanghelyo?

## APPLICATION

- Maglaan ng oras upang pag-isipan ang mga bagay na mahalaga para sa iyo. Hingin sa Diyos na muling iayon ang buhay mo sa mensahe ng krus at bigyan ka ng kakayahan na lagi Siyang unahin sa lahat ng bagay.
- Paano ka nabigyan ng Banal na Espiritu ng kakayahang maging patotoo para kay Cristo? Ibahagi ito sa isang tao na nangangailangan ng lakas ng loob upang buong tapang na makapagpahayag ng mensahe ng krus.
- Habang ipinapahayag mo ang ebanghelyo sa iyong pamilya at mga kaibigan, sa anong paraan mo hinahangad na makitang maipamalas ang kapangyarihan ng Espiritu? Hingin sa Banal na Espiritu na palakasin ang iyong pananampalataya upang magawa mo ang mga ito.

## PRAYER

- Maglaan ng oras upang pag-isipan kung gaano tayo kahalaga sa Diyos. Pasalamatan Siya sa dakila Niyang pagmamahal at sakripisyo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng higit na kaalaman at pang-unawa tungkol sa presensya at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nananahan sa atin. Ipanalangin na magkaroon ng pagbabago sa paraan mo ng pamumuhay at pangangaral ng ebanghelyo dahil sa katotohanang ito.
- Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka habang umaasa ka sa Kanyang kapangyarihan upang magawa mong makipag-ugnayan sa isang tao ngayong linggo. Ipanalangin na makita niya ang nakamamanghang pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan na makatutulong upang mamulat ang mata ng mga tao sa ebanghelyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2015 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leonardo Angcajas Jr., Charlene Cruz

victory.org.ph